
# Mga Pagpiling May Epekto sa Kawalang-Hanggan, Bahagi 2



Pangalawa: Alamin ang katotohanan kung ano ang inaalok sa inyo ng Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo.

Sa madaling salita, inaalok Nila sa inyo ang lahat-lahat!

Ang plano ng Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak ay nagtutulot sa atin na mabuhay kung saan at kung paano Siya nabubuhay at sa huli ay mas lalo pang maging katulad Niya. Ang Kanyang plano ay literal na ibinibigay sa atin ang pinakamayayamang pagpapala ng buong kawalang-hanggan, pati na ang potensyal nating maging “mga kasamang tagapagmana ni Cristo” [Mga Taga Roma 8:17].

Alam at nakikita ng Diyos ang lahat. Sa buong kawalang-hanggan, walang sinumang makakikilala sa inyo o magmamalasakit sa inyo nang mas higit kaysa sa Kanya. Walang sinumang magiging mas malapit sa inyo kailanman kaysa sa Kanya. Maaari ninyong ibuhos ang nilalaman ng inyong puso sa Kanya at pagkatiwalaan Siya na isusugo Niya ang Espiritu Santo at mga anghel para pangalagaan kayo. Ipinamalas Niya ang Kanyang sukdulang pagmamahal nang isugo Niya ang Kanyang Bugtong na Anak upang mamatay alang-alang sa inyo—upang maging inyong Tagapagligtas at inyong Manunubos!

Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, dinaig ng Panginoong Jesucristo ang sanlibutan [tingnan sa Juan 16:33; Doktrina at mga Tipan 50:41]. Samakatuwid, Siya ay “may kapangyarihang . . . maglinis sa [inyo] sa lahat ng kasamaan” [Alma 7:14]. Ililigtas Niya kayo mula sa inyong pinakamasasakit na sitwasyon sa Kanyang sariling paraan at panahon. Kapag lumapit kayo sa Kanya nang may pananampalataya, gagabayan, iingatan, at poprotektahan Niya kayo. Pagagalingin Niya ang inyong sawing puso at aaliwin kayo sa inyong kalungkutan [tingnan sa Lucas 4:18; Alma 7:10–12]. Tutulungan Niya kayong matanggap ang Kanyang kapangyarihan. At gagawin Niyang posible ang imposible sa inyong buhay. . . .

May espesyal na pagmamahal ang Diyos para sa bawat taong nakikipagtipan sa Kanya sa mga tubig ng binyag. At ang banal na pagmamahal na iyan ay lumalalim habang gumagawa at tumutupad kayo ng mga karagdagang tipan. At sa pagtatapos ng mortal na buhay, katangi-tangi ang muling pakikipagkita ng bawat pinagtipanang anak sa ating Ama sa Langit [tingnan sa Awit 116:15].

*Gustung-gusto* rin Niya na lahat ng anak Niya ay magkaroon ng oportunidad na marinig ang masayang balita ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Mahigit anim na milenya nang ipinadadala ng Ama sa Langit ang Kanyang mga anak sa lupa. Karamihan sa mga taong ito ay hindi pa natatanggap ang mga ordenansang magpapagindapat sa kanila sa buhay na walang hanggan. Kaya napakahalaga ng mga templo. Ito ang dahilan kung bakit ang pagtitipon ng Israel sa magkabilang panig ng tabing *ang* pinakamahalagang layunin sa lupa ngayon. Kayo, mahal kong mga kasamahan sa banal na gawaing ito, ay may mahalagang papel sa pagtitipong ito, at pinasasalamatan ko kayo para dito. (Russell M. Nelson, “Mga Pagpiling May Epekto sa Kawalang-Hanggan” [pandaigdigang debosyonal para sa mga young adult, Mayo 15, 2022], broadcasts.ChurchofJesusChrist.org)

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2025 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_544_handout-2